


# Mapapakinabangan mo ba ang Pagsusuri para sa Prostate Cancer?

Ang pag-alam ng iyong panganib na magkaroon ng prostate cancer ay makakatulong sa iyong magpasya kung ang pagsusuri (tinatawag ding screening) ay ang pinakamahusay na desisyon para sa iyo.

## Ano ang Iyong Tsansang Magkaroon ng Prostate Cancer?

*Lagyan ng tsek ang bawat kahon na naaangkop sa iyo.*

- ☐ Ikaw ay nasa edad na 50 taong gulang o mas matanda pa
- ☐ Ikaw ay isang Aprikanong Amerikano
- ☐ Ang iyong ama o kapatid ay nagkaroon ng prostate cancer bago nagka-edad ng 65

*Kung nilagyan mo ng tsek ang **alinman** sa mga kahon, maaaring mas malaki ang tsansa mong magkaroon ng prostate cancer at ang pakikipag-usap sa iyong doktor tungkol sa pagsusuri ay maaaring mapakinabangan mo.*

## Ano ang Kailangan Mong Malaman Tungkol sa Pagsusuri?

| | | |
|---|---|---|
| | **Kinakailangan ang pagsusuri sa dugo.** | Isang paraan ng screening para sa prostate cancer ay ang antigen sa partikular sa prostate, o PSA, na pagsusuri. Katulad ng kung paano sinusukat ng A1C na pagsusuri ang level ng iyong sugar sa dugo , sinusukat ng PSA na pagsusuri kung gaano karaming PSA protein ang nasa iyong dugo. |
| | **Mayroon ding iba pang mga pagsusuri.** | Ang iba pang mga pagsusuri ay maaaring hanapin ang prostate cancer kasama ang PSA na pagsusuri, tulad ng digital na rectal exam o pagsusuring mga imahe ng prostate gland. |
| ? | **Hindi matitiyak ng PSA na pagsusuri kung mayroon kang cancer.** | Mahahanap lamang ng pagsusuri ang mga palatandaan tungkol sa iyong tsansang magkaroon ng prostate cancer. Halimbawa, ang iyong tsansang magkaroon ng prostate cancer ay tumataas habang tumataas ang level ng iyong PSA. Gayunpaman, ang pagkakaroon ng mataas na level ng PSA ay HINDI laging nangangahulugan na mayroon kang prostate cancer. |

## Ano ang Mangyayari Pagkatapos ng PSA na Pagsusuri?

**Ang level ng iyong PSA ay mas mataas o mas mababa kaysa sa normal.** Ang blood PSA na level ng isang lalaki ay maaaring mag-iba-iba sa pagdaan ng panahon (sa ilang kadahilanan)

→ **Maaari kang makakuha ng iba pang mga pagsusuri.** Maaaring irekomenda ng iyong doktor ang pag-ulit ng PSA na pagsusuri o pagkuha ng iba pang uri ng pagsusuri. Maaari ring isagawa ng iyong doktor ang pagkwenta ng risgo.

→ **Maaari kang kumuha ng biopsy sa prostate.** Kung hindi pa rin normal ang mga resulta ng iyong pagsusuri, maaaring magrekomenda ang iyong doktor ng biopsy.

→ **Maaari kang payuhan ng iyong doktor nang higit pa batay sa mga resulta ng iyong biopsy.** Kung mayroon kang cancer, maaaring kailanganin mo ng paggamot. Kung wala kang cancer, hindi mo na kailangan ng higit pang pagsusuri o paggamot sa pagkakataong ito.

Normal →

**Mayroon kang mga regular na check-up.** Patuloy na susubaybayan ng iyong doktor ang kalusugan ng iyong prostate at tutugunan ang anumang mga alalahanin. Maaari kang patuloy na makipag-usap sa kanila tungkol sa mga positibo at negatibong aspeto ng pagsusuri para sa prostate cancer.

# Paano Ka Makakapagpasya?

**Pagpapasyahan mo** kung ang pagsusuri ay tama para sa iyo.

*Ang mga hakbang na ito ay makakatulong sa iyong gumawa ng desisyon sa pagsusuri. Markahan ang bawat kahon habang kinukumpleto mo ang bawat hakbang.*

## 1. ☐ Alamin ang mga kapakinabangan at limitasyon ng pagsusuri para sa prostate cancer.

| Mga Kapakinabangan | Mga Limitasyon |
|---|---|
| ✓ Maaaring matuklasan ng pagsusuri ang maagang prostate cancer kapag maliit pa ito.<br>✓ Kung ito ay natuklasan nang maaga, may mabuting tsansa na magamot at gumaling.<br>✓ Ang pagpapasuri ay maaaring magbigay sa iyo ng kapanatagan ng pag-iisip. | X Ang pagsusuri ay maaari mauwi sa pag-aalala tungkol sa mga resulta.<br>X Maaaring magkaroon ng gastusin sa mga pagsusuri, batay sa saklaw ng iyong insurance.<br>X Maaaring matuklasan ng pagsusuri ang cancer na maaaring hindi kailanman nagdulot ng mga problema o nagdulot ng kamatayan.<br>X Ang pagsusuri ay maaaring mangailangan ng paggamot, na maaaring magkaroon ng mga side effect na may iba pang mga kalalabasan na isasaalang-alang. |

## 2. ☐ Isipin ang tungkol sa kung paano ang pagsusuri at ang mga hakbang pagkatapos ay naaakma sa iyong mga personal na pangangailangan at pagpapahalaga. Magsimula sa pamamagitan ng pagtatanong sa iyong sarili ng mga sumusunod:

| Gaano kahalaga na malaman ang higit pa hangga't maaari tungkol sa katayuan ng iyong kalusugan sa lalong madaling panahon? | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
|---|---|---|---|---|---|
| | 1 = Hindi talaga mahalaga | 2 = Medyo mahalaga | 3 = Hindi sigurado | 4 = Mahalaga | 5 = Napakahalaga |

## 3. ☐ Kausapin ang iyong doktor—gusto niyang makarinig mula sa iyo at tulungan kang magpasya. Magtanong ng tulad ng:

- Ano ang prostate cancer? Gaano ito kalubha?
- Ano ang aking kabuuang panganib?
- Kung susuriin ako ngayon, gaano kaaga ko makukuha ang mga resulta?
- Magkakaroon ba ng mga gastusin sa pagsusuri?
- Mangangailangan ba ako ng follow-up na appointment pagkatapos ng pagsusuri?

**Tandaan na desisyon mo ang ma-screen.** Mahalagang makakuha ng mga regular na check-up at patuloy na makipag-usap sa iyong doktor. Magbibigay-daan ito sa iyong doktor na patuloy na subaybayan ang iyong kalusugan.

**Huwag kalimutang ipaalam sa iyong doktor ang anumang mga bagong sintomas.** Mahalagang ipaalam sa iyong doktor ang mga sintomas tulad ng pagkakaroon ng dugo sa iyong ihi o kahirapan na umihi.

**Bisitahin ang cancer.org upang matutunan pa ang tungkol sa screening sa prostate cancer.**

American Cancer Society®

cancer.org | 1.800.227.2345

©2024, American Cancer Society, Inc.
No. TAG082211 Rev. 12/24
Models used for illustrative purposes only.